

Aestemasu: Japan Japan Sagot sa Kahirapan

Romulo P. Baquiran, Jr.

Noong 1994 ako unang nangarap at gumawa ng paraan na makarating sa Japan nang mag-aplay sa Mombusho scholarship. Subok lang. Umabot ako hanggang interview sa embahada sa Makati. Tungkol sa buhay ng Japayuki ang gusto kong pag-aralan noon. Sabi ko sa konklusyon ng presentasyon, “Mahalagang makilala ang kontribusyon ng mga Japayuki sa literaturang Filipino.” Balak ko kasi busisiin ang mga diary ng mga entertainer bilang creative nonfiction. Narinig kong sabi ng isang reviewer: “Ano daw?” Ayun, awa ng lelong mong panot, tsugi ang proposal. Hindi yata magandang kombinasyon ang literatura at prostitusyon. Sabi kasi ng isang tagapayo ko ay baka makuha sa awa ang panel. Hindi ko alam kung kanino maaawa, sa Japayuki o sa akin. Twenty years later, nag-aplay naman ako ng pagiging titser ng Filipino. Aba, hindi akalain, natanggap. Tukso tuloy ng mga kakilala, ikaw na ang Japayuki. Japan, Japan sagot sa kahirapan. Makaipon lang ng kaunti sa retirement, masaya na ako. Biglang naging OCW. Ngayon ko lang naranasan na totoo pala ang stereotype. Inaasahang tatakbo kang madalas sa Western Union (WU) para sa pera-padala kapag sa abrod ka nagtatrabaho, kapag abrodista ka.

Iyon nga ang una kong misyon sa pagpunta sa Umeda, ang downtown area ng Osaka na nadestinuhan ko: Ang hanapin ang opisina ng WU. Kailangang magpadala ako ng remittance sa Pilipinas hindi pa man natanggap ang unang suweldo at hindi pa ako nakakaisang linggo sa Land of the Rising Sun. Mabuti at mabait ang sinundan kong guro at pinahiram

ako ng badyet na pandalawang buwan. Banzai sa WU! Noong una ko itong hagilapin, hindi ko nakita dahil medyo gabi na ako nag-umpisa ng misyon. Kailangan ko pang magbalik. Ayaw ko kasing magtanong noong una at parang abentura ang tingin ko sa ginagawa. Gusto kong makita ang hinahanap sa sariling nabigasyon gamit ang Google map. Nasa Lucua Building daw malapit sa JR Station. Simple. Pero iba ang mapa sa aktuwal. Hindi ko makita ang WU. Ginawa ko din ang tumawag muna sa numero nilang +81663591990 sa hinulugang Iphone 5c. Kakatwa ang automated answering phone. Nasa Nihongo. Sabagay nasa Japan nga pala ako. Hindi naman pinipik-ap ng nasa kabilang linya. Kung ano-ano ang sinasabi. Hindi ko mamura ng *Shine!* Hindi Ingles iyan gaya sa “Rise and shine!” Nihongo ito ng “Go to hell!” Pero siyempre hindi ko nasabi dahil hindi ko pa alam noon. At kung alam ko man at itinili sa phone, wala ring makakarinig. Kaya sa ikalawang subok ng paghahanap, nagtanong na ako. Akala ko makakatulong ito nang malaki. Susmaryosep, walang marunong ng Ingles sa mga napagtatanungan ko. Nakakaisang oras na ako at walang makapagsabi kung nasaan ang hinayupak na WU. Naging desperado tuloy ako. Ayaw kong mahilong-talilong sa siyudad. Nakatiyempo ako ng isang TOEFL office sa unang palapag ng building na iyon na sinimulan kong pasikot-sikutan mula sa ika-anim na palapag. Ayun sa wakas may marunong ng Ingles. Hindi masyadong matatas si Soei Egawa na nagbabantay ng opisina pero kuha niya ang ibig kong sabihin. Tinawagan pa niya ang WU gamit ang personal na cellphone at pagkaraan binigyan ako ng napakalinaw na direksiyon kung paano pumunta doon. Liko sa kanan, liko sa kaliwa, deretso. Nasa JR Central station lang pala ang hanap ko, dalawang bloke mula sa nasungangan kong bilding. Sa loob ng limang minuto, kausap ko na ang teller ng Travelex na kinalalagyan ng WU na maliit pa pala sa bahay ng kalapati. In minutes, sabi nga sa ad nila, online na ang pera-padala ko para kubrahin ng mga nasa Pilipinas. (May ibinibigay na code halimbawa 845-913-9085 at amount P1,000,000 na itetext mo naman sa mahal mo sa buhay.) Iyon nga, mabait naman ang mga Hapon sa mga naliligaw na dayuhan pero humanda ka nang mag-charade at muwestra. Hindi naman kasi kailangang matuto ng Ingles, lalo na ang wala naming transaksyon sa taga-labas gaya ng mga nasa bilding na iyon. Hindi katulad ng karaniwang Filipino na may alam kahit paano sa Ingles at handang ubusin ang naipong bokabularyo sa natiyempuhang Caucasian na naliligaw sa Maynila. Nag-aaral naman ng Ingles mula elementarya ang mga Hapon pero puro pasulat lang at walang pabigkas na

praktis. Nakakatawa itong mga Hapon. Kung mag-adap ng English term parang Lola ko. Sabihin mo, truck o trak at ang mabibigkas ay “tarak.” Ang mga taga-Kansai ang bigkas sa McDo ay “Makudo.” May problema sa consonant cluster ang mga ito.

Sa pang-araw-araw na buhay sa Hapon at lalo na sa pakikipagtransaksiyon, napakaeksakto nila sa oras. Sa Filipino, hindi leyt ang limang minuto. Mapapatawad pa nga hanggang kinse minutos o higit pa. Mapagbigay daw kasi tayo. Baka naman may nangyaring kung ano sa kausap. Hindi puwede sa Hapon iyan. Eksakto dapat. Ang una kong negosasyon sa kanila, ang pagpirma ng kontrata, de-numero. Bawat hakbang kalkulado ang oras. Sa loob ng trenta minutos, pirmado na ang lahat ng dokumento. Ganoon din sa transportasyong publiko. Napraning ako sa kaeksaktuhan ng oras. Hindi katulad sa Commonwealth na tuloy-tuloy ang dating ng bus at dyip, sa mga suburb ng Osaka, kada beinte minutos ang dating ng espesyal na bus. (Ayaw ko magtaxi dahil sobrang mahal. P250 ang flagdown rate at aabot sa P750 ang babayaran kahit malapit lang ang destinasyon.) Kapag sinabing 10:07 n.u. ang dating ng bus, ganoon ito darating. Kapag nasa anunsiyo na aalis nang 9:22 n.g. aalis ang tren, ganoon talaga ang alis nito. Ngayon ko lang talaga napatunayan ang kalkuladong kilos. Saan naman kaya nakuha ng mga Hapon itong kostumbre? Ayon sa saliksik ng Rusong si Alexander Prasol sa kaniyang librong *Modern Japan*, panahon pa ng mga shogun ito. Kapag dumalaw ang mga shogun sa kapitolyo ng imperyo, abante ang iskediyul. Ang bawat madaang bayan, lalo na ang hihintuan para matulugan at mapagkunan ng probisyon ay kailangang handang-handa. Dahil tradisyon na itong paglalakbay ng mahalagang tao, at dahil na rin sukat na sukat ang distansiya at tagal ng lakbay, naitatakda kung aling mga sityo ang hihintuan sa ganito at ganoong oras. Nakapaghahanda ang mga tao sa mga sityo sa pagdating ng shogun. Planado ang lahat ng kilos. Hindi inaasahan ang anumang aberya. Sa loob ng dantaon, naisaloob ng mga Hapon itong katumpakan sa oras sa pagtupad sa mga tungkulin. Naging tradisyon na. Nakakainggit lang. Nakakapagod na rin sa Pilipinas na maaga kang dumating tapos wala naman ang mga kausap mo. Bakit naman daw ganoon ang mga Filipino? Kesyo daw orasan ng pagsasaka ang sinusunod, na mabagal ang oras na nakaugat pa sa siklo ng pagtatanim at paghihintay ng ani. Ano ba iyan! Puwede bang putulin ang transhistorikong palusot? Puwede bang ieksakto na sa oras ang mga gawaing kontrolado naman ng indibidwal na gawi? At sana pati sa serbisyo publiko na rin. Sana may obsesyon rin tayo

sa pagtupad sa gawain at serbisyo. Mangyari sa kalye ko sa Vasra, Quezon City, minsan isang linggo na nga lang ang koleksiyon ng basura, hindi pa maipirme sa prediktableng oras. Madalas alas-onse pero puwedeng maagang-maaga, tanghali, o bandang hapon na. Kapag hindi ka nakapagtapon, magiging pugad ng uod at langaw ang basura mo. Sa distritong Mino na tinitirhan ko, at ganito rin daw sa buong Japan, tuwing Martes at Biyernes ang koleksiyon. Halinhinang Miyerkules naman ang pagtatapon ng lata at bote, at ng malalaking gamit gaya ng muwebles at appliances. Appliances itinatapon? Totoo nga dito ang pagtatapon ng mga hindi pa naman sirang kagamitan. Sabi nga ng katotong Roland Tolentino na nagturo rin dito, maliit kasi ang bahay ng Hapon at hindi praktikal na magtambak ng lumang gamit. Sabi ng Amerikanang colleague, pinulot niya minsan ang isang magandang mesita. Oops, Amerikanang namumulot? Siya nga namumulot, bakit hindi ako? Masubukan nga. Wala naman akong nakikitang telebisyon o stereo component na gusto kong mapulot kaya nang minsang makakita ako ng magandang alpombra, naakit akong kunin. Nilabhan ko na lang at hayun, nasa sala ko na ngayon.

Tamang-tamang tagsibol ng 2014 (Marso) ang dating ko sa Japan at lansakang pagbubukas ng sakura agad ang sumalubong sa akin. Ang lahat ng punong seresa ay namimigat sa mga kulay-rosas at puting talulot. *Hanami* ang tawag sa pamamasyal sa ilalim ng mga puno at pagpipiknik kasama ang mga kaibigan. Event talaga sa kanila ito. Naaalala ko tuloy ang pagkagusto ko sa mga kakawate at fuego del arbol (fire tree) sa Pilipinas. Kasingganda ng mga ito ang sakura pero malayong sambahin tulad ng ginagawa ng mga Hapon sa sakura, halimbawa na lang sa distritong Yoshino sa Nara prefecture. Dito hanggang orisonte ay may makikita kang mga punong namimigat sa bulaklak. Dinadayo ito ng mahigit sa 30,000 turista araw-araw sa kasagsagan ng pamumukadkad ng mga puno. Nakakabighani talaga. Higit pa sa ipinakita sa *Dreams* (1990) ni Akira Kurosawa ang mararanasan sa harapang pakikipagniig sa mga puno. Sabi ng kaibigang Hapon, higit na malapit sa kanila ang *ume* o plum trees na may bulaklak na natatangi ang malaming na halimuyak, higit na malaki ang talulot, at nagtatagal ang pamumulaklak. Hindi katulad ng sakura na nalalagas pagkatapos nang ilang araw. Naglalaho nang gayon-gayon lamang. Pero ito nga ang pang-akit ng sakura, ang maikling-maikling pagtatanghal ng alindog. May kinukuwerdas na lungkot sa pusong Budista kapag minasdan ang sakura na naiuugnay nila sa panandaliang ganda, kaiklian ng buhay, at kawalan ng permanensiya

ng lahat ng bagay. Bulaklak lang naman, ang daming arte ha, loob-loob ko. Kung titingnang mabuti ang pinigtas na nag-iisang talulot ng sakura, hindi naman nakakabighani. Napakaordinaryo pa nga. Pero kapag namukadkad nang sabay-sabay at sama-sama sa tangkay, kapag tiningnan nang angaw-angaw sa mga puno, kapag natunghayan nang patong-patong sa mga gulod-Yoshino; nang umaalimbukay ang sari-saring pusyaw at tingkad ng mga talulot sa napakalinis at malamig-lamig na hangin ng tagsibol, walang kaparis ang katiwasayan at pagpapahalaga sa kagandahang bubukad sa iyong mata at kaluluwa. Maibubulong mong “Narito na ako sa paraiso.”

Ilan lamang ang kilala kong Filipino sa Osaka. Dalawa sa mga ito—sina Ralph at Annie—mga dating estudyante sa U.P. ang nagsilbing *tour guide* at kaibigan ng bagong saltang Filipinong gaya ko. Tulad ng inaasahan, madrama ang buhay ng mga ito, lalo na si Annie, na batang-bata sa gulang na trenta y singko. Kumikislap na parang sakura ang mga mata, mahaba ang buhok, at malaming. Linguistics major siya, inaasahang makatapos ng MA sa Osaka University noong 2011, dapat na bumalik sa U.P. at doon magtrabaho. Pero matapos kuwentahin ang kikitain niya sa Pilipinas (maliit siyempre) kumpara sa Japan, nakumbinsi siya ni Ralph na huwag nang tapusin ang pag-aaral at maging OCW na lang. Masama ang loob ng coordinator ng programa sa pagkalagas ng isang scholar sa katauhan ni Annie pero wala nang magagawa sa pinal na desisyon niya. Naging coordinator at Nihongo teacher sa isang language company si Annie. Naka-assign siya sa mga bagong dating na *caregiver* o iba pang propesyonal na galing Pilipinas na sinuwerteng matanggap sa Japan. Dahil marunong ng Ingles, tinuturuan din niya ng Nihongo ang iba pang foreigner na naempleyo sa Japan. Sa pitong taong pamamalagi niya dito, dagdag pa ang ilang taong pagsisilbing interpreter ng Nihongo sa Japanese embassy sa Maynila, nakuha na ni Annie ang tatas at accent ng Kansai Nihongo. Para na siyang local. Masigla siyang tao, mataas ang enerhiya, napapatawa ang lahat sa kaniyang mga hirit, magiliw sa lahat, at galit sa tulog. Mababa lamang siya at pear-shaped ang katawan, ibig sabihin malaki ang balakang, maumbok ang puwet. Iyon daw ang gusto ng mga lalaki. Pero wala namang boyfriend sa ngayon. Laging hawak niya ang Sony smartphone at naka-online palagi; halos oras-oras ay may naka-post na istatus sa Facebook o Instagram. Kung hindi food porn, lakwatsa sa mga parke, studio, bowling alley at iba pang tourist magnet ang gawain niya. Madalas ding may mga aporismo at kung minsan, mga patama

sa mga nakakagalit na kaibigan (may istatus siyang “Ipinagpalit mo ang friendship natin sa lalaki. Lalaki lang iyan. *Shine!*”) Kapag linggo, nag-attend siya sa service ng kinabibilangang congregation ng Christian fellowship. Isinasama niya ako sa kung saan-saang destinasyon. Sabi tuloy ng hinalinhan kong colleague, narating ko sa loob ng kalahating taon ang narating niya sa loob ng limang taon. Pero hindi ako nagpahatak sa kaniyang imbitasyon sa Christian renewal. Mas gusto ko na lang magpahinga kapag Linggo. Parang may foundation lang itong si Annie. Halos lahat ng kita niya, naipapadala sa Pilipinas. Pinaaral niya ang isang dosenang pamangkin. Binubuhay ang tatay at mga kapatid. Pinautang ang mga kamag-anak na madalas kaysa hindi ay hindi na nagbabayad. At dahil true-blue OCW, madalas nadedenggoy ng kapamilya. Nadiskubre niya, hindi responsable ang ate niyang tagapag-alaga ng tatay niyang may edad at hindi na kayang magtrabaho. Pinatigil na niya ito sa pagmamaneho ng dyip nang minsang makabangga at pinatawan ng malaking halaga ng mga pulis. Para maiwasan na lang ang gulo, nagpadala siya ng P10K para panagutan ang danyos. Mahina na rin ang tatay niya bukod sa sakitin pa. Medyo nahihilig lang itong maglibang-libang nang kaunti. Dumadayo sa sugalan nina Chua sa kabilang kanto sa Payatas. Dinadaya naman siya ng mga istambay na tuso sa laro. Nauubos ang allowance ng tatay ni Annie na dapat pambili ng gamot. Ano pa nga ba ang dapat gawin kundi magpadala na naman ng dagdag na pera. May tagamanman sa kaniyang pamilya si Annie—ang kapitbahay. Nagrereport ito sa mga nangyayari sa kaniyang pamilya. Nagsumbong kasi ang tatay niya na kulang sa pagkain palagi sa bahay. Sumasala din sa pag-inom ng gamot. Dumating ang oras na nakarating kay Annie na hindi maayos ang pagbabadyet ng kapatid sa mga pangangailangan ng tatay, maliliit na kapatid, at mga pamangkin. Bakit daw? Hindi niya inaasahan ang nangyayari sa kapatid. Iba naman pala ang inaalagaan ng ate niya: Bagets na boyfriend na kasama nito sa paghithit ng shabu. Doon pala napupunta ang malaking bahagi ng pinaghirapan ni Annie. Kaya ora mismo noong kalagitnaan ng 2014, umuwi siya para komprontahin ang kapatid at sabihan na mula sa araw na iyon, hindi na ito magiging tagapag-alaga ng pamilya. Pinalayas sa madaling sabi. Tatlong araw lamang ang pagbisita ni Annie at agad bumalik sa Japan para ipagpatuloy ang kayod. Ni hindi man lang siya nakapunta sa anumang pasyalan o nakabili ng pasalubong sa mga kaibigang Hapones. Samantala, napatango siya na pauutangin ang bagong tagapag-alaga ng

pamilya ng halagang P100,000. Nangako ang nangutang na kapatid na magbabayad sa susunod na taon. Naisip kong nalaglag ang kislap sa mala-sakura niyang mata.

Masuwerte nang maituturing ang katulad ni Annie. Hindi hamak na mataas ang suweldo sa Japan kung susuwertihin kang mapadpad dito. Napakahirap lamang mapunta dito sa higit ng pagtasa sa mga dayuhang manggagawa. Marami ditong Filipina na teacher sa Ingles. Pero walang kasiguraduhan sa permanenteng residency at posisyon. Kailangang ipasa ang National Examination para sa mga professional at ang taunang eksaminasyong balidasyon sa sityo ng trabaho para makapagpatuloy. Kung kukuwentahin ang kita ng propesyonal na empleyadong Hapon, matutukoy ang dahilan ng kanilang kaginhawahan sa buhay. Ang bayad sa nag-aarubaito o working student ay Y1000 kada oras o mga P500. Katumbas na ito ng minimum wage sa Pilipinas ng karaniwang manggagawang kailangang magbuwis-buhay pa sa pabrika o mga mall nang walong oras. Kung propesyonal na, makukuwenta ang rate kada oras nang doble o higit pa at malaki talaga (mababa ang P120,000 kada buwan). Kaya nga ang average na savings ng pamilyang Hapones ay P43 milyon. Malayong-malayo sa buhay ng Filipino. Kahit ako na propesyonal hindi ko maabot ang halagang iyan kahit anong tambling ang gawin sa sariling bayan. Kahit isama pa ang kita ng buong pamilya. Naabot ko ang una kong milyon pagkaraan ng isang dekada ng pagtatrabaho sa opisina, edad 34. Nakakaiyak ang diperensiya. Gugustuhin mo na talagang makasingit ng trabaho dito kung may pagkakataon. Hindi nakakapagtaka na sa paglilibot ko sa lungsod at suburban area ng Osaka, wala akong nakitang kahit isang barongbarong. Marami ang itinatayong bagong condominium complex at maayos na pagmamantini ng magagandang bahay.

Nakakadepress naman ito. Kaya kailangang magrelaks nang kaunti. Sugod muna ako sa *onsen*. Nang mabalitaan ng mga kaibigan na nasa Japan ako, ang unang tanong ay kung nakapasok na ako sa public bath. Kapag naliligo sa Pilipinas, sining ang paliligo sa poso o kahit beach nang hindi naghuhubo at hubad. Lalo na sa mga babae. Nakakapagtaka kung paano nakakapaligo nang nakadamit ang mga Filipino. Kahit nga beach na dapat sige lang sa pagbibikini, may tuwalyang ga-billboard na pantakip. Kahit lalaki naka-shorts pa sa pool sa halip na trunks (wala lang pambili siguro.) Ayaw ibilad ang katawan. Kapag wala kang kiyeme sa paglalantad ng

singit, exhibitionist ang tingin sa iyo. May kaugnayan yata ito sa Kristiyang konserbatismo. Templo ang katawan na ayaw namang ipakita. Tuloy isang malaking fetish ang paninilip. O pagnanakaw ng mga panty kasi nga ay isang malaking pantasya ang hubad na katawan ng kapuwa. (Dito sa Japan, maoorder sa eBay ang gamit na panty ng dalagita.) Nakausap ko ang matagal na dito at natural nga lang daw ang maligo nang hubo at hubad. Sa madaling sabi, kita ang kaluluwa. Kahit magkakaopisina daw ay naliligo nang sama-sama at hubadero at hubadera ang drama nila. Magkakahiwalay naman ang lalaki at babae. Napaisip ako, kayahin ko kaya na maligo kasama ang kaibigang Hapon nang nakalawit ang family jewels? Sabi ng tagapayo ko, “Kung nahihiya ka, maghiwalay kayo ng sulok.” Nang may magyaya sa akin sa onsen, curious ang drama ko. Aha, may laglagan kaya ng sabon? “Wala,” sabi ng kasama ko. So ayun. napunta ako sa isang day time onsen. Naku po paano kaya ito? Ang guide ko parang wala lang. Relaxed siya. Nakakahiya namang magpaka-demure at ang tanda-tanda ko na. Kaya sige na nga. Malinis na malinis ang onsen. Parang maliit na glorietta pero walang fountain sa gitna. Naroon ang isang maliit na kuwadradong pool. Bundok ang kaligiran. Ang ganda. Sinilip ko ang mga tao sa labas. Hubo at hubad nga. Paano ba ito? Maliligo muna pala bago lumusong. Mga labinlimang minuto akong nagbanlaw. Ayaw kong lumabas. Ang daming tao. Nang umalis ang isang grupo ay saka lamang ako mahiyaing nagpakita. Tatlo lang ang tao. So ayun, parang si Adan ang itsura kong lumusong sa tubig. Hindi naman ako pinansin ng mga ibang naliligo. Ni hindi ako sinulyapan. Bakit naman ay kita ang mga buto at patpatin kaya ako. Mukha ring Hapon kaya hindi pansinin. Nawala ang self-consciousness ko. Dere-deretsong lusong sa tubig. Ito ang walang nagsabi sa akin--sobrang init ng tubig! Nagulantang ang katawan ko. Pero hindi ako nakasigaw. Inabot ng hiya sa mga Hapon na naghuhuntahan dalawang metro lang ang layo sa akin. Kunyari yakang-yaka. Kaya hayun, nakahilata sa 40 degrees na tubig at nagzezen-zen kunyari. Maya-maya may bagong dating. Tiningnan ko ang gagawin nila. Ang dapat pala, dahan-dahan ang lusong. Paa muna, tapos may parang tabo na ibubuhos sa katawan. O kaya magdadala ka ng labakarang maisawsaw sa mainit na tubig sa tabo at maipupunas sa katawan para ihanda ito sa init. Wala ngang naaasiwa sa kahubaran ng lahat. Sige ang pendulum ng mga sandatang tulog, at relaxed na bola at hindi ikinahihiya ang bilbil at nakatinghas na bulbol. Markado lang ako dahil wala na akong lambi. Ang mga kalubluban ko ay protektado natural (supot ang mga walanghiya). Ayun

ganun lang naman pala. Kaya umahon na ako pagkaraan ng labinlimang minuto na may bagong kamalayan sa pagpapakita ng kaluluwa at templong hindi dapat pinagkakaabalahan sa onsen.

Para makatapos sa unibersidad, isa sa mga rekisito ng mga Filipino major ang magpunta sa Pilipinas para makaranas ng buhay-Filipino. Kailangan nilang mag-enrol sa anumang kurso sa U.P. Hindi sa Filipino language course sila pumapasok kundi sa Ingles. Pinapayagan naman sila basta mahalaga na makipamuhay sa adoptive family na Filipino at magkaroon ng Philippine realities immersion. Unang payo sa kanila na manamit ng simple at huwag ipahalatang Hapon sila. Na-eejoy ng marami ang mamuhay sa Pilipinas. Parang artista sila kung tratuhin ng mga kaklaseng Filipino. Kayang-kaya kasi nila ang anime look o ala-Kattun member (sikat na boy band). Marami ang lumiligaw sa kanila tuloy. Nagkakaroon ng nobyo o nobyang Filipino ang ilan. Isang seryosong estudyanteng nagka-girlfriend sa Pilipinas ang humingi ng payo kung paano ba mahal in ang Filipina. Lagi daw kasi sila nag-aaway kahit totoong mahal na mahal niya ang babae. Nakatakda na nga ang kasal nila sa 2018. Mag-iipon nang kaunti ang Hapon. Ang Filipina ang pupunta dito sa Japan. Nagtulong kami ni Annie sa pagrerebyu sa kanya ng Filipino Love 101. Tanong namin, paano mo sagutin ang “I love you” ng girlfriend. Ang sabi niya “Salamat.” Naku mali iyon, sabi namin. Dapat “I love you too.” Next na tanong, ilang beses ka mag-I love you. Minsan isang buwan. Mali na naman, dapat araw-araw. Nabaliw ang Hapon. Ganoon pala iyon? Sabi namin, Oo. (Nakausap ko ang isang Haponesang ayaw na mag-asawa ng Hapon matapos makaranas ng pag-ibig ng Filipino. Malamig daw ang lalaking Hapon. Madalas nga raw na ang babae ang nanliligaw sa lalaki. Unthinkable ito sa Pilipinas, pero sabi ng kausap naming siya ang hinabol ng Filipina.) Pinagpayuhan din namin ang binatang Hapon na tawagan ang girlfriend, kung kaya niya, nang tatlong beses isang araw. Paggising sa umaga para sabihin na kagigising lang niya at papasok na sa trabaho. Dapat tapusin ang isang minutong usapan ng “I love you.” Tatawag ulit sa tanghali para sabihin na kakain na siya ng tanghalian. Dapat tapusin ang maikling usapan ng “I love you.” Tapos, bago matulog sa gabi, tatawag ulit para sabihin na inaantok na siya at malapit nang matulog. Dapat matapos ang mahaba-habang usapan tungkol sa ginawa sa maghapon ng “I love you very much” at sasabayan ng isang dosenang “I love you I miss you” icons. Kung hindi kayang gawin itong three times a day na call, puwedeng dalawa na lang, sa umaga at sa gabi. Pero krimen

ang hindi tumawag ng kahit minsan. Nakakapagod naman sabi ng Hapon. Sagot namin, “Kaya nga may Viber.” O kaya Line na mas kilala sa Japan. Kumanta na lang kami pagkaraan sa videoke ng “Pusong Bato,” “As Long As You Love Me” at nakakagulat, kabisado ng Hapon ang “Bebot” ng Black Eyed Peas na ipinagwagwagan sa mikropono at kinunan ni Annie ng video at dali-daling ipinost sa Facebook. Umani ang istatus ng maraming likes at komentaryo. Isa marahil doon ang girlfriend ng binatang Hapon na sumulat ng “Aestemasu!!!!” kasabay ang sandosenang I miss you icons.